**Ikaapat na Baitang**
# PAGLILIMBAG (Printmaking)

*Sa modyul na ito, inaasahang maipakikita mo ang sariling kakayahan sa paggamit ng ibat ibang bagay sa ibat ibang paraan ng paglilimbag.*

## ALAMIN MO

Pagmasdan mo ang nasa larawan.



Paglilimbag sa pamamagitan ng daliri.



Ang paglilimbag ay isang uri ng gawaing sining na ginagawa sa pamamagitan ng pag-iiwan ng bakas o marka sa mga bagay sa papel o tela. Sa pamamagitan ng paglilimbag ay maipahahayag mo ang iyong kaisipan at damdamin at maipakikita mo rin ang iyong pagkamalikhain.

May mga uri ng kagamitan at pamamaraan sa paglilimbag.

Sa papel:

- Ang panlimbag ay maaaring ilagay sa ibabaw o sa ilalim ng papel na lalagyan ng disenyo
- Kapag ang ililimbag ay inilagay sa ilalim, ang gagamiting pangkulay ay krayon na ikukuskos sa ibabaw ng papel. Kapag ang papel naman ay nasa ilalim ng bagay na ililimbag ito ay lalagyan ng "water color" o tinta at idadaiti sa papel upang makapag-iwan ng bakas
- Ang paglilimbag ay maaaring gawing paulit-ulit

Maaari kang maglimbag gamit ang mga sumusunod na bagay:

- Dahon o mga natural na bagay sa paligid na pwedeng mag-iwan ng bakas
- Mga patapong bagay katulad ng tansan, straw plastic cups at iba pa
- Mga inukitang prutas o gulay katulad ng kamote o patatas
- Maaari din ang pisi


Ang mga ito ay kagamitang di mo na bibilhin o paglalaanan pa ng maraming pera




## GAWIN MO

- Kumuha ng isa o dalawang klase ng mga tuyong dahon sa paligid.
- Ihanda ang malinis na papel at krayon.
- Ayusin ang mga dahon upang ang likod ang nakalitaw.
- Ipatong ang papel sa ibabaw ng dahon.
- Pumili ng krayon at ikuskos sa papel hanggang lumitaw ang mga linya ng ugat at hugis ng mga dahon.
- Maaaring ibahin ang posisyon ng dahon at ulitin ang pagkuskos.
- Ulit-ulitin ang ganitong paraan hanggang mapuno ng disenyo ang papel.

Naibigan mo ba ang disenyong nagawa mo?
Nasunod mo ba ang pamantayan sa maayos na paggawa?







## TANDAAN MO

Ang paglilimbag o printmaking ay pag-iiwan ng bakas ng mga bagay sa papel o tela.


Makapaglilimbag ka sa pamamagitan ng mga likas na bagay tulad ng dahon o inukitang prutas, mga patapong bagay gaya ng tansan at pisi.



## PAGPAPAHALAGA

Lagyan ng tsek (✓) ang kaukulang sagot mo sa bawat katanungan.

| Kasanayan | Oo | Di-gaano | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nakagawa ka ba ng sarili mong disenyo sa pamamagitan ng paglilimbag? | | | |
| 2. Nagustuhan mo ba ang iyong likha? | | | |
| 3. Naipakita mo ba ang mga elemento ng sining na iyong natutunan? | | | |
| 4. Natapos mo ba ang iyong likhang-sining sa itinakdang oras? | | | |



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.



